**Journal of Multidisciplinary in Education | ISSN 3082-5024/3082-5237**
**AARRC CONSCRIPTOR PUBLISHING CORP |** Volume 1 |Issue 3| AUGUST 2025



# PALABAYBAYIN SA FILIPINO: KAMALAYAN AT KAALAMAN NG PAMPUBLIKONG MGA GURO NG SENIOR HIGH SCHOOL SA IKAAPAT NA DISTRITO NG LAGUNA

Geraldine Madrio Baja, PhD
Laguna State University, Siniloan Laguna
*madrio.lyka09@gmail.com*

***Abstract***

*The primary objective of this research is to examine and measure the level of awareness and knowledge regarding the Filipino Alphabet, as well as its potential correlation with the characteristics of teachers. The participants in this study are all Filipino teachers from the fourth district of Laguna. The research employed a descriptive design through a survey that included several questions about the profiles of the participants, as well as questions measuring their awareness and knowledge of the Filipino Alphabet and the level of their challenges in teaching it. Additionally, this information was subjected to the Pearson r Correlations Test to assess the strength and significance of the relationship mentioned between the profile, level of awareness and knowledge, and the level of challenges. It was found that most of the participating teachers in the study have completed a Master's degree, all possessing expertise in teaching the Filipino subject, with five or more years of experience in teaching Filipino, and all having attended and participated in numerous seminars at various levels. It was also observed that the overall condition of the participants regarding their awareness level in Filipino Orthography is at a high level (30.96). Meanwhile, the overall condition of the participants concerning their knowledge level in Filipino Orthography is above average (38.99). The analysis also revealed that there is no significant relationship between the profiles of the participants and their awareness, while a significant relationship was found between the profiles and the level of knowledge. The highest level of education among the participants was noted to be*

***Keywords –*** *Ortograpiya, Palabaybayin, Wikang Filipino*

## INTRODUCTION

Ang gabay sa palabaybayin ng wikang Filipino ay binubuo ng mga tuntunin kung paano sumulat gamit ang wikang Filipino. Hinango ang mga tuntunin sa mga umiiral na kalakaran sa paggamit ng Wikang Pambansa, bukod sa napagkasunduang mga tuntunin, bunga ng mga forum at konsultasyon, hinggil sa mga kontrobersiyal na usapin sa ispeling. Ninanais na palaganapin sa gabay na ito ang estandardisadong mga grapema o pasulat na mga simbolo at ang mga tuntunin sa paggamit at pagbigkas ng mga simbolong ito. Itinatanghal din dito ang mga naganap na pagbabago mula sa panahon ng abakadang Tagalog bunga ng bagong alpabeto at bunga na rin ng umuunlad na paggamit sa Wikang Pambansa.

*Hindi ninanais na maging pangwakas na mga tuntunin ang nilalaman ng gabay na ito. Wika nga noon pang 1906 ni Ferdinand de Saussure habang binubuo ang mga pangkalahatang simulain sa lingguwistika, mahirap mahúli ang bigkas ng isang "buháy na wika." At isang malusog at umuunlad na wika ang Filipino. Wika pa niya, "Ang bigkas sa isang salita ay ipinapasiya, hindi ng ispeling, kundi ng kasaysayan nitó." Higit na mapapahalagahan ang bawat tuntuning ortograpiko sa gabay na ito kapag sinipat mula sa pinagdaanang kasaysayan nitó kalakip ang paniwala na patuloy itong magbabago samantalang umuunlad ang pangangailangan ng madlang gumagamit ng wikang Filipino.*

Malaki ang epekto ng edukasyon sa walang humpay na paglipas ng panahon at pagbabago ng mukha ng mundo. Isa ito sa mga dahilan ng maraming pagbabago sa

Isinasaad sa Kautusang Pangkagawaran Blg. 10533 s.2013, "Isa sa layunin ng K to 12 Kurikulum, Education for All (EFA) ang magkaroon ng dekalidad na edukasyon. Ito ay makakamtan lamang kung malalaman ang mga salik na siyang makatutulong upang paunlarin ang performans ng mga mag-aaral. Ang gawain na ito ay obligasyon ng mga guro. Dapat nilang malaman kung ano-ano ito nang sa

halos lahat ng larangan ng buhay at walang pagsala ang sagot at susi sa minimithin kaunlaran at matatag na lipunan. Samakatuwid, ang isang hakbang tungo sa isang matagumpay na matatag na edukasyon ay ang pagkakaroon ng mga punongguro at mga guro na may sapat na kaalaman, motibasyon at kasanayan sa pagtuturo.

Dahil sa indibidwal na pagkamalikhain, maraming pagbabago ang nangyayari nang hindi lingid sa

kaalaman ng nakararami. Nagkaroon din ng hugis ang sinasalita at nakasulat na wika. Sa paglaganap ng makabagong teknolohiya, makikita natin na ang pasalita at pasulat nawika ay dumanas ng malalaking pagbabago. Kasabay nito, ipinakilala ang mga salitang hiram na isinama sa wikang Filipino, katutubo man o banyaga.

ganoon ay makapagplano sila ng mga estratehiya na makapagbibigay daan tungo sa mas maunlad at produktibong resulta sa performans ng mga mag- aaral. Isa sa mga asignatura na kasalukuyang kabilang sa bawat na programa sa pag-aaral na inilatag ng DepEd ay ang Filipino.

Ang kaisipan at damdamin ng isang indibiduwal ay lubusang maipapahayag nang pasalita samantala makikita ang

malaking pagbabago sa Seksyon 6 Artikulo XIV ng 1987 Konstitusyon ng Pilipinas sa pasulat na baybay sa Wikang Filipino. Samantalang nililinang, ito ay dapat payabungin at pagyamanin pa salig sa umiiral na wika sa Pilipinas at sa iba pang mga wika.

Batay sa pag-aarak na ginawa ng Komisyon sa Wikang Filipino (ni Alcaraz, 2005.) kaugnay ng pagpapakahulugan sa salitang Filipino. Ang Filipino ay ang katutubong wika na ginagamit ng lahat ng pangkat etniko sa buong Pilipinas. Ang Filipino, tulad ng anumang buhay na wika, ay pinalaki sa pamamagitan ng paghiram sa Filipino at di- katutubong mga wika sa pagbuo ng iba't ibang uri ng wika na angkop sa iba't ibang sitwasyon at paksa sa imprastraktura dumaan sa proseso ng mga pangangatwiran at siyentipikong pagpapahayag.

Upang tugunan ang pangangailangang ito ng patuloy na pag-unlad o istandardisasyon ng sistema ng pagsulat sa Filipino, nakatuon ang pag-aaral na ito sa implementasyon ng Kautusang Pangkagawaran Blg. 104, s 2009, na nagtakda ng reporma sa alpabeto at tuntunin sa pagbaybay nito. Tinawag ito na "Gabay sa Ortograpiya ng Wikang Filipino". Ang gabay na ito ay binubuo ng mga kalakaran kung paano sumulat ang mga Pilipino sa kanilang wikang pambansa. Inilalahad sa ortograpiyang ito ang estandardisadong mga grapema o pasulat na mga simbolo at mga tuntunin sa paggamit at pagbigkas ng mga simbolong ito. Itinuturing na mahalagang hakbang ang pagpapatupad ng Kautusang Pangkagawarang ito tungo sa pagsulong ng mas dinamikong pag- unlad ng wika.

Dahil sa mataas na kaaalaman at kamalayang kinakailangan upang maisakatuparan ang pagtuturo ng palabaybayin sa Filipino at sang-ayon Kautusang Pangkagawaran Blg. 13, s. 1994, nararapat na ang magturo ng asignaturang Filipino ay ang gurong nakapagtapos ng Batsilyer ng Sekundaryang Pagtuturo na may kabihasaan sa Filipino o anumang kaugnay na batsilyer sa wika. Ngunit hindi lingid sa karamihan na nangyayari na ang asignaturang Filipino ay pawang naibibigay upang ituro ng mga guro na may ibang asignaturang pagkadalubhasa.

## OBJECTIVES OF THE STUDY

Pangkalahatang layunin ng pag aaral na ito ay mabatid ang mga antas ng kamalayan at kaalaman ng mga mga guro sa pangpublikong paaralan kaugnay sa Palabaybayin sa Filipino. Sa pag-aaral na

ito, bibigyang ng katugunan ang mga sumusunod na katanungan:

1. Ano ang personal profayl ng mga guro sa mga sumusunod:
1.1 kasarian
1.2 edad
1.3 bilang ng taon na naging guro
1.4 posisyon sa plantilla at 1.5 bilang ng seminar na dinaluhan kaugnay sa wika?
2. Ano ang antas ng kamalayan ng mga guro sa Palabaybayin sa Pangkalahatang layunin ng pag aaral na ito ay mabatid ang mga antas ng kamalayan at kaalaman ng mga mga guro sa pangpublikong paaralan kaugnay sa Palabaybayin sa Filipino
3. Ano ang antas ng kaalaman ng mga guro sa Palabaybayin sa Filipino?
4. May makabuluhang bang kaugnayan ang antas ng kamalayan ukol sa Palabaybayin ng respondente at ang kanilang personal profayl?
5. May makabuluhang bang kaugnayan ang antas ng kaalaman ukol sa Palabaybayin ng respondente at ang kanilang personal profayl?
6.Ano ang mungkahing gawain upang mapaunlad ang kamalayan at kaalaman ng mga guro, sa ikatlong antas ng mataas na paaralan kaugnay ng Palabaybayin sa Filipino.

**METODOLOHIYA**

Sa pag-aaral na ito, ang may-akda ay gumamit ng pamamaraang palarawan sa pananaliksik (descriptive method) upang makalap ang mga tiyak na kasagutan hinggil sa antas ng kamalayan at kaalaman sa paggamit ng Palabaybayin sa Filipino ng mga guro sa labing-anim na paaralan sa ikaapat na Distrito ng Laguna. Ayon kay Racasa (2003) ang pamamaraang palarawan ay isang kondisyong naglalarawan ng kalagayan ng isang bagay upang makabuo ng mapanandaliang pahayag mula sa natuklasang katunayan. Dagdag pa ang pamamaraang ito ay pagtatamo ng kalagayan ng isang bagay o kondisyon na may malawak na kinasasakupan at pagkakaiba.

Ang datos sa pag-aaral na ito ay nagmula sa mga guro sa Palabaybayin sa Filipino sa Ikaapat na Distrito ng Laguna na binubuo ng 16 na paaralan na mayroong kabuuang bilang na 104 na guro ng Palabaybayin sa Filipino sa Senior High School. Ang mga paaralang ginamit sa pag-aaral na ito ay ang mga sumusunod: Balian INHS ( Pangil), Buenavista INHS (Magdalena), Cavinti INHS, Famy INHS, Kabulusan INHS (Pakil), Lumban INHS, Mabitac INHS (Alas-As INHS), Masico INHS (Pila), Pagsanjan INHS (Maulawin INHS), Pedro Guevara Memorial INHS (Sta.Cruz),

Poten & Eliseo M. Quesada Memorial INHS (Paete),San Buenaventura INHS (Luisiana), Liliw INHS, Santa Catalina INHS (Majayjay), Santa Maria INHS, at Siniloan INHS.

Sa pamamagitan ng sarbey, laman ang ilang katanungan ukol sa profayl ng mga nakilahok pati na rin ang mga katanungang panukat sa kanilang kamalayan at kaalaman sa Palabaybayin sa Filipino at ang Quesada Memorial INHS (Paete),San Buenaventura INHS (Luisiana), Liliw INHS, Santa Catalina INHS (Majayjay), Santa Maria INHS, at Siniloan INHS.

Sinukat din ang mga katanungang panukat sa kanilang kamalayan at kaalaman sa Palabaybayin sa Filipino at ang antas ng kanilang suliranin sa pagtuturo nito na gumamit ng Pearson r Correlations Test upang masuri ang lakas ng ugnayan at antas ng kabuluhan ng ugnayang nabanggit sa pagitan ng profayl, antas ng kamalayan at kaalaman at antas ng suliranin.

## Results and Discussion

Nakita na karamihan sa mga gurong kalahok sa pag-aaral ay nakatapos ng Master's degree, pawang nagtataglay ng pagkadalubhasa sa pagtuturo ng asignaturang Filipino, may lima at higit pang taong kasanayan sa pagtuturo ng Filipino at antas ng kanilang suliranin sa pagtuturo nito. Gayundin, ang mga impormasyong ito ay isinalang sa Pearson r Correlations Test upang masuri ang lakas ng ugnayan at antas ng Kablan ng ugnayang nabanggit sa pagitan ng profayl, antas ng kamalayan at kaalaman at antas ng suliranin

pawang dumalo at nakibahagi sa maraming binhisipan sa iba't ibang antas. Natunghayan rin na ang kabuuang kalagayan ng mga kalahok sa antas ng kanilang kamalayan sa Palabaybayin sa Filipino ay nasa mataas na antas (30.96). Ang kabuuang kalagayan naman ng mga kalahok sa antas ng kanilang kaalaman sa Sa Palabaybayin sa Filipino ay nasa higit sa katamtamang antas (38.99).

Lumabas din sa naging pagsusuri na walang makabuluhang kaugnayan ang profayl ng mga kalahok sa usapin ng kamalayan habang mayroon namang nakitang makabuluhang kaugnayan ang profayl sa antas ng kaalaman. Ang pinakamataas na antas ng edukasyon ng mga kalahok ay nakitaan ng direktang relasyon sa kani-kanilang nakuhang marka sa usapin ng kaalaman sa palabaybayin. Nakitaan din ng makabuluhang kaugnayan

ang antas ng suliraning naranasan ng mga guro sa pagtuturo ng palabaybayin sa Filipino sa larangan ng pagkadalubhasa ng mga guro gayun din sa dami ng nadaluhang binhisipan. Wala namang nakitang makabuluhang ugnayan ang antas ng kamalayan at kaaalaman ng mga guro sa pagtuturo ng palabaybayin sa antas ng suliraning naranasan ng mga kalahok. Nagbigay rin ng angkop na mga mungkahing mga gawain at polisiya upang masolusyunan ang nararanasang mga suliranin ng mga gurong may ibang pagkadalubhasa sa kanilang itinuturong Palabaybayin sa Filipino.

## CONCLUSION AND RECOMMENDATION

Ayon sa nakalap na datos ng mananaliksik, ang mga sumusunod na kongklusyon ang siyang natagpuan:

1. Ang mga guro ng Filipino sa ikaapat na distrito ng Laguna ay pawang may karapatan na makapagturo ng asignaturang ito sapagkat mayroon silang mga katangian at kakayahang maituro ito sa mga bata. Kahit na may iilan sa kanilang hindi dalubhasa sa asignaturang ito, sila naman ay may sapat na karanasan at kaalamang nakalap sa pamamagitan ng sapat na binhisipan.
2. Ang mga guro sa Filipino sa ikaapat na distrito ng Laguna ay pawang may mataas na antas ng kamalayan sa palabaybayin sa Filipino kung kaya't hindi ito nakikitaan ng anumang malaking problema.
3. Ang mga guro sa Filipino sa ikaapat na distrito ng Laguna ay nakapagtamo lamang ng bahagyang mataas na antas ng kaalaman kung kaya't nararapat na bigyang pansin ito ng kinauukulan upang lalo pang mapaglinang.
4. Ang ilang mga guro sa Filipino sa ikaapat na distrito ng Laguna, partikular sa mga hindi dalubhasa sa Filipino, ay nakitaan ng mataas na antas ng naranasang suliranin dahil sa hindi sila nagtataglay ng sapat na kaalaman at kabihasnan upang mailapat ang mga kamalayan sa mga tuntunin ng palabaybayin sa Filipino sa kani- kanilang mga klase. Ang mga ito rin ay nakitaan ng mataas na stress at pressure dala ng mataas na inaasahan sa kanila sa kabila nang hindi nila ito pinagkadalubhasaan.
5. Ang haypotesis na nagsasaad na walang makabuluhang kaugnayan ang antas ng kamalayan ng mga guro sa Palabaybayin sa Filipino at ang kanilang profayl ay tuluyang tinatanggap.
6. Ang haypotesis na nagsasaad na walang makabuluhang kaugnayan ang antas ng kaalaman ng mga guro sa Palabaybayin sa

Filipino at ang kanilang profayl ay tinatanggap ng hindi tuluyan sapagka't ang isa sa apat na bahagi ng profayl (pinakamataas na natamo sa Edukasyon) ay nakitaan ng makabuluhang kaugnayan sa antas ng kaalaman ng mga guro sa Palabaybayin sa Filipino.

7. Ang haypotesis na nagsasaad na walang makabuluhang kaugnayan ang antas ng suliraning naranasan ng mga guro sa Filipino at ang kanilang profayl ay tinatanggap nang hindi tuluyan. Ito ay dahil nakitaan ng mataas at makabuluhang kaugnayan ang 2 baryabol (larangan ng pagkadalubhasa at bilang ng nadaluhang binhisipan na ukol sa wika) sa antas ng suliraning naranasan ng mga guro.
8. Ang haypotesis na nagsasaad na walang makabuluhang kaugnayan ang antas ng suliraning naranasan ng mga guro sa Filipino at ang antas ng kanilang kamalayan sa Palabaybayin sa Filipino ay lubusang tinatanggap.
9. Ang haypotesis na nagsasaad na walang makabuluhang kaugnayan ang antas ng suliraning naranasan ng mga guro sa Filipino at ang antas ng kanilang kaalaman sa Palabaybayin sa Filipino ay lubusang tinatanggap.
10. Sa kabila ng mataas na kamalayan at bahagyang mataas na kaalaman, nakararanas pa rin ng suliranin ang ilan sa mga tagapagturo ng wikang Filipino sa sekundarya mula sa ikaapat na distrito ng Laguna at kailangan itong mabigyan ng agarang pansin.

Ayon sa naging kabuuang resulta ng pananaliksik na ito, ang mga sumusunod ay mungkahi ay ibinibigay:

1. Panatilihin hangga't maari na ang magturo ng ukol sa asignaturang Filipino ay mga gurong may direktang kaugnayan ang pagkadalubhasa sa asignaturang Filipino.
2. Panatilihin ang mataas na antas ng kamalayan ng mga guro sa pamamagitan ng pagpapanatili ng mga programa tulad ng seminar at mga workshop upang patuloy na mahasa ang mga ito.
3. Bigyang pansin at pokus na mapataas ang antas ng kaalaman ng mga guro lalo na ang mga gurong may ibang larangan ng pagkadalubhasa upang hindi sila makaramdam na napag-iiwanan at naliligaw sa tamang pagtuturo ng palabaybayin sa Filipino.
4. Magkaroon ng malalimang pag— aaral at pag-uusap patungkol sa mga suliraning nararanasan ng mga guro sa Filipino na may ibang pagkadalubhasa upang makapa at maunawaan natin ang kanilang sitwasyon at mabigyan ng tamang solusyon at gabay. Maaring gumanap ng isahang interbyu o

maari rin namang focus group discussion. Bigyan ng tamang plataporma ang mga guro upang lubos nilang mapaabot ang suliraning kanilang nararanasan sa pagtuturo ng palabaybayin sa Filipino.

5. Panatilihin na lahat ng mga guro ano pa man ang kanilang kinabibilangan ayon sa iba't ibang mga profayl o aspeto ay mabigyan ng sapat na pagkakataon upang malinang ang kanilang kamalayan sa palabaybayin sa Filipino.
6. Bigyan ng kaukulang suporta, gabay, at pampalakas ng loob ang lahat ng mga guro ng kani-kanilang mga punongguro sa usapin ng pagpapatuloy ng kanilang pag-aaral sa Master's hanggang Doctorate Degree upang magpatuloy ang paghahasa ng kaalaman at kasanayan ang mga guro ukol sa wikang Filipino partikular sa palabaybayin. Mangyaring magbigay ng impormasyon sa mga gurong nais magpatuloy sa pag-aaral patungkol sa mga scholarship na maaari nilang kuhain at iproseso.
7. Bigyan ng kaukulang suportang moral at sikolohikal ang mga gurong nakararanas ng matinding stress at pressure dala ng iba't ibang mga suliranin sa loob ng kanilang pagtuturo ng palabaybayin sa Filipino nang sa gayon ay mapanatili sa maayos na kalooban ng mga ito habang nagsisilbi sa mga bata.
8. Maglaan ng saktong oras sa trabaho at pahinga ang mga guro upang makaharap silang lagi nang maayos sa bawat panahon na sila ay magtuturo ng kamalayan sa palabaybayin sa Filipino.
9. Maglaan ng mas marami pang oportunidad para sa lahat upang lalong malinang pa ang kamalayan at kaalaman ng mga guro patungkol sa palabaybayin sa Filipino.
10. Magsagawa ng palagiang mga sarbey o interview upang laging mabantayan ang kalidad at antas ng kamalayan at kaalaman ng mga guro nang sa gayon ay agarang makita kung ano ang progresong nagaganap sa tuwi-tuwina sa bahagi ng pagtuturo ng Palabaybayin sa Filipino.

## References

Alcaras, C.V. et al. (2005) Filipino 1: Komunikasyon sa akademikong filipino.

Department of Education (2013, September 24). Enhanced basic education act of 2013.

Department of Education (2009, October 07). Gabay sa ortograpiya ng wikang filipino

Department of Education (1994, October 13). Guidelines for matching specialization in teaching preparation

with teaching assignments for public school teachers.

De La Fuente, B. C. (2009). Malaysia at Pilipinas: Mga Problemang Pangwika. Malay, 22(1).

De Saussure, F. (2011). Course in general linguistics. Columbia University Press.

Feynman, R. P. (1985) “Surely you’re joking, Mr. Feynman!”: Adventures of a curious character.

Glaser, P.(2012). Respondents cooperation: Demographic profile of survey respondents and its implication. Handbook of survey methodology for the social sciences, 195-207.

Homo, C. M. (n.d.). Lawak ng kaalaman sa ortograpiyang Filipino ng mga guro sa mataas na paaralan ng gubat, distrito ng sorsogon.

Irvine, J. (2019). Relationship between teaching experience and teacher effectiveness: Implications for Policy Decisions. Journal of Instructional Pedagogies, 22.

PH Constitution (1987). Article 6. Section XIV

Suzuki, N. (2022). A Return to english for global competitiveness: Monolingualizing the bilingual nation in the post-colonial Philippines. People and Culture in Oceania, 37, 51-61